



Ang Mensahe Nang Ebangelyo—*Pakiusap basahin ang mga sumusunod:*

TLAB Ang Biblia

Genesis 1:1 Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa

Mga Taga-
Roma 3:23 Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios

Juan 8:34 Sinagot sila ni Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang bawa't nagkakasala ay alipin ng kasalanan

Ang Dios ang nag likha sa atin subalit hindi natin siya kilala at mga hiwalay sa kanya sapagkat sa makasalanang gawi natin. Ang mga buhay natin na walang Dios ay walang kahulugan at layunin. Ang bunga (kabayaran) ng ating mga kasalanan ay ang kamatayan, ang dalawa ang kamatayang pangkaluluwa at pangkatawan. Ang kamatayang pangkaluluwa ibig sabihin ay nahiwalay sa Dios. Ang kamatayang pangkatawan ay ang pagkabulok ng katawan. Kapag tayo ay patay sa ating mga kasalanan tayo ay hiwalay sa Dios na walang katapusan at mapupunta sa impyerno. Paano natin mailigtas ang ating mga sarili mula sa ating mga kasalanan at bumalik sa Dios? Hindi natin mailigtas ang ating mga sarili sapagkat hindi maaring magligtas ang isang makasalanang tao sa kanyang sarili (katulad ng isang taong nalulunod hindi niya kayang sagipin ang kanyang sarili). Walang sino man ang makapagligtas sa atin sapagkat tayong lahat ay lubos na makasalanang (ang isang taong nalulunod walang kakayahan makapagligtas sa kanya nalulunod, subalit and dalawa nangangailangan ng tulong). Ang kailangan natin yaong walang kasalanan (hindi nalulunod) upang magligtas sa atin mula sa ating mga kasalanan. Yaong taong walang kasalanan ang siya lamang makapagligtas sa atin. Paano tayo makatagpo nang isang taong walang kasalanan sa mundo nang mga makasalanang kung saan ang lahat ay nagkasala?

Mga Taga-
Roma 6:23 Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; datapuwa't ang kaloob na walang bayad ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin

Juan 3:16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan

Mateo 1:23 Narito, ang dalaga'y magdadalang-tao at manganganak ng isang lalake, At ang pangalang itatawag nila sa kaniya ay Emmanuel; na kung liliwanagin, ay sumasa atin ang Dios

Juan 8:23 At sa kanila'y kaniyang sinabi, Kayo'y mga taga ibaba; ako'y taga itaas: kayo'y mga taga sanglibutang ito; ako'y hindi taga sanglibutang ito

Marcos 1:11 At may isang tinig na nagmula sa mga langit, Ikaw ang sinisinta kong Anak, sa iyo ako lubos na nalulugod

Juan 8:36 Kung palayain nga kayo ng Anak, kayo'y magiging tunay na laya



Juan 3:3 Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios

Juan 1:12 Datapuwa't ang lahat ng sa kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban niya sila ng karapatang maging mga anak ng Dios, sa makatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa kaniyang pangalan:

Ang Dios, na siyang lumikha sa atin at nagmahal sa atin nang lubos, nagbigay sa atin ng kalutasan. Sa kalawakan ng kanyang pagmamahal sa atin kanyang ipinadala ang kanyang sariling Anak, si Hesus, upang mamatay sa ating mga kasalanan. Si Hesus ay walang sala sapagkat siya ay hindi galing sa sanlibutan, at, habang nasa sanlibutan, isinupil ang tukso nang diablo upang magkasala. Ang kanyang buhay kalugod-lugod sa Dios nasa langit. Si Hesus ang tumanggap sa ating mga kasalanan at namatay sa krus dahil sa ating mga kasalanan. Siya ang tagapagligtas sa ating mga buhay (si Hesus may kakayahan na magligtas sa atin sapagkat siya hindi lunod). Ang layunin nang kamatayan ni Hesus sa krus ay upang tubusin ang kabayaran sa ating mga kasalanan, at doon, tiniwalag ang ating mga kasalanan mula sa atin at ibinalik sa dati ang nasirang kaugnayan sa Dios. Tayo ay nabuhay muli mula sa kamatayang pangkaluluwa (Hiwalay sa Dios) sa pamamagitan ng kapangyarihan nang Dios. Itong bagong kaugnayan sa Dios ay tinatawag na pagkasilang muli. Ito ang nagbalik sa atin sa dating layunin sa paglikha at pag-iral, at nagbigay din sa atin nang tunay na kahulugan at layunin nang pagkabuhay.

Juan 11:25 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya

Mga Taga-Roma 6:9 Na nalalaman nating si Cristo na nabuhay na maguli sa mga patay ay hindi na mamamatay; ang kamataya'y hindi naghahari sa kaniya

Mga Gawa 2:24 Na siya'y binuhay na maguli ng Dios, pagkaalis sa mga hirap ng kamatayan: sapagka't hindi maaari na siya'y mapigilan nito

Mga Taga-Roma 14:9 Sapagka't dahil dito ay namatay si Cristo at nabuhay na maguli, upang siya'y maging Panginoon ng mga patay at gayon din ng mga buhay

Mga Gawa 1:11 Na nangagsabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit

Ano ang katibayan na yaong pag-aalay ni Hesus sa kanyang buhay upang tubusin ang ating mga kasalanan sadyang tinanggap nang Dios sa langit? Ang katibayan ay nang si Hesus ay nabuhay muli mula sa kamatayan sa pamamagitan nang Dios. Sa pagkabuhay muli, nagpapatunay na si Hesus nasupil ang kamatayan (sa madaling sabi, ang kamatayan walang kapangyarihan laban sa kanya). Ngayon, sa makatuwid, sapagkat si Hesus ay nabuhay, mabuhay uli tayo. Ang kanyang buhay na sa atin ay siya ring bumubuhay sa atin. At, dahil sa kanyang pagkabuhay muli, Siya ay buhay ngayon.



- Juan 5:24 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan
- Juan 10:9 Ako ang pintuan; ang sinomang taong pumasok sa akin, ay siya'y maliligtas, at papasok at lalabas, at makasusumpong ng pastulan
- Juan 14:6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.
- Juan 8:24 Sinabi ko nga sa inyo, na kayo'y mangamamatay sa inyong mga kasalanan: sapagka't malibang kayo'y magsisampalataya na ako nga ang Cristo, ay mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan
- Mga Gawa 4:12 At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas
- Mga Taga-Roma 10:13 Sapagka't, Ang lahat na nagsisitawag sa pangalan ng Panginoon ay mangaliligtas
- Mga Taga-Roma 10:11 Sapagka't sinasabi ng kasulatan, Ang lahat na sa kaniya'y nagsisisampalataya ay hindi mapapahiya.
- Mga Taga-Roma 2:11 Sapagka't ang Dios ay hindi nagtatangi ng mga tao
- Mga Taga-Roma 3:22 Sa makatuwid baga'y ang katuwiran ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesucristo sa lahat ng mga nagsisisampalataya; sapagka't walang pagkakaiba
- Mga Taga-Roma 10:9 Sapagka't kung ipahahayag mo ng iyong bibig si Jesus na Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na binuhay siyang maguli ng Dios sa mga patay ay maliligtas ka:

Paano patiwalagin ang ating mga kasalanan, at makatanggap nitong bagong buhay? Sa pamamagitan nang pagtitiwala kay Hesus na ating Panginoon at Tagapagligtas. Kung tayo ay magsisisi sa ating mga masamang gawain at tumawag kay Hesus upang patawarin at tubusin tayo, gagawin niya ito. Si Hesus ang Anak nang Dios na pumarito sa sanlibutan upang mag-alay sa kanyang buhay para sa ating mga kasalanan. Ang sino mang tao sa sanlibutan na magtiwala sa Kanya ay pagkalooban nang kapatawaran galing sa Dios, maliligtas sila sa kanilang mga kasalanan (at impyerno) at makatanggap nang bagong buhay mula sa Dios. Walang pinapanigan ang Dios. Hindi mahalaga sa kanya- ang pook na tinitirahan natin, ang mga wika na ginagamit natin, mayaman man o mahirap, lalaki o babae, bata o matanda, o kahit ano pang pang-anyo natin sa katawan. Ang sino man ang manampalataya at tumanggap kay Hesus maliligtas. Ang sumunod ay isang dasal na maaari mong idalagin kapag ikaw ay nais sumunod kay Hesus:



Dios nasa langit, salamat sa pagpadala ninyo sa inyong Tanging Anak, si Hesus, upang iaalay ang kanyang buhay sa aking mga kasalanan para ako ay matubos at magkaroon nang bagong buhay na galing sa langit. Ako ay nagsisisi sa aking mga kinagawian at hilingin ko ang iyong pagpatawad sa aking mga kasalanan. Ako ay nanampalataya kay Hesus at tanggapin siya na aking Panginoon at Tagapagligtas. Tulungan mo ako at patnubayan na mamuhay na kalugodlugod para sa iyo sa bagong buhay na ito na iyong ipinagkaloob sa akin. Amen.

Sakaling magawa mo ang ganoong panalangin sa itaas, hilingin mo sa Dios na ipakita sa iyo ang simbahan kung saan ka tatahak. Makikipag-usap ka sa Dios sa panalangin lagi at ang Dios kakausap sa iyo. Pakinggan mo ang boses nang Dios. Patnubayan ka ng Dios. Mahal ka niya at ikaw ay kanyang alagaan. Magtiwala ka sa kanya. Hindi niya binibigo ang sino man ang magtiwala sa kanya. Ang Dios ay napakabuting Dios. Mapagkatiwalaan Siya. Maaari mong iasa sa kanya ang iyong buhay. Dalhin mo ang lahat mong pangangailangan sa kanya. Alagaan ka Niya at basbasan nang panalangin. Sabi nang Dios, ‘ *Hindi kita iiwan o pababayaan* ’. Magtiwala sa Dios. Pagpalain kayo sa pamamagitan ni Hesus.

Laging babasahin ang Biblia, magsimula sa Libro ni Juan. Dagdag kaalaman sa internet, [lagitik dito](#)